# Lapel microphones, ipinamahagi ni Joy B sa mga guro ng QC

Umaabot sa 3,358 lapel microphones ang naipamahagi ni Quezon City Vice Mayor Joy Belmonte sa mga guro ng mga pampublikong paaralan sa lungsod.

Ang mga lapel ayon kay Vice Mayor Belmonte ay para makatulong sa mas epektibong pagtuturo ng mga guro sa mga mag -aaral lalu pa't parami ng parami ang bilang ng mga mag-aaral sa bawat klase na halos hindi na magkarinigan ang guro at mga estudyante.

Sa kabuuang bilang, may 1,262 lapel microphones ang naibigay sa mga guro sa junior high school at 2,096 naman sa elementary public schools. Ang mga nakatanggap na ng lapel microphones ay mga guro mula sa District 1, 3 at 4.

Sa kanyang mensahe, sinabi ni Belmonte na kanyang kukumpletuhin na maipamahagi ang nasa "wish list" ng mga guro.

"May utang pa po ako sa inyo. Alam ng mga principal 'yan kasi noong nagpa-consultation meeting po ako, hiniling po ninyo sa akin na dapat lahat ng classrooms ay may electric fan, yan po ang second promise ko po sa inyo. 'Yung third promise ko po sa inyo ay sound system na maganda," dagdag pa ni Belmonte. *(Angie dela Cruz)*